# Balitang Manmin

BILANG 196  PEBRERO 4, 2018










## Pagsamba, Pagtatanghal, at Pagdiriwang sa Bisperas ng Pasko 2017









Idinaos ng Manmin Central Church ang pagsamba para sa Pasko sa ganap na ika-11:00 ng umaga noong Disyembre 25, 2017. Pumunta sa iglesya ang mahigit sa 400 mga pastor at mananampalataya para sama-samang magdiwang. Nagmula pa sila sa 22 mga bansa tulad ng U.S., Belgium, Nepal, at Colombia. Inihatid ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee ang mensaheng may titulong “Blessing”, nagmula ito sa Mga Taga-Roma 13:10. Hinikayat niya ang mga naroon para alalahanin ang espesyal na pag-ibig at pagpapatawad ng Diyos na naghihintay magmula pa noong Disyembre 10, 2010, para sa pakikibahagi ninyo sa pagtupad ng kalooban Niya kasama ng Panginoon at ng pastol.

Sa ika-24, bisperas ng Pasko, ang pagtatanghal ng komite ng sining ay ipinalabas pagkatapos ng pagsamba sa Linggo ng gabi. Ang titulo nito ay, “Pagbati sa Kapanganakan ng Panginoon!” Napapanahon ito at nagpapakita ng iba’t ibang pagtatanghal na may kasamang video, kahanga-hangang espesyal na pag-iilaw, magandang musika, at mga sayaw. Ang kwento na nasa video ay mas lalo pang pinaganda ng mga bagong awiting papuri ng Manmin tulad ng “The Lord’s Birth”, “The Great Mystery”, “The Way of Salvation”, “Power of Love”, at “December 25.” Maalab ang pagkanta, pagsayaw, at pag-arte ng mga gumanap. Nakadagdag ito sa matinding emosyon na nadama ng mga dumalo.

# “Luwalhati at Pagpapasalamat sa Diyos Dahil Pinagpala Niya ang Manmin ng Kapangyarihan ng Muling Paglikha!”


### Ang 12 Pinakamalalaking Pangyayari sa Manmin sa Taong 2017

## 1 Ipinakita ang espirituwal na kaharian!

Malinaw ang pagpapahayag ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee tungkol sa espirituwal na kaharian sa pamamagitan ng mga makahulugang mensahe tungkol sa “Langit”, “Impiyerno”, “Pagtuturo tungkol sa Genesis”, at “Pahayag.” Kabilang din ang iba’t ibang hugis ng bahaghari, mga aurora lights, mga tutubi na bumababa mula sa langit, at paghihiwalay ng espiritu.

Noong nakaraang taon, 2017, nakapagpalaya ang makapangyarihang panalangin niya ng mga taong sinapian ng demonyo. Sa pamamagitan ng panalangin niya, natanto ng mga miyembro kung paano tinutukso ng kaaway na diyablo ang mga tao para magkasala, binibigyan nila ng karamdaman at mga pagsubok ang mga tao, at sa bandang huli, dadalhin nila ang mga taong ito sa impiyerno. Pagkakataon na naman ito para magbago ang mga miyembro. Nadama nila ang dakila at malalim na pagmamahal ng Diyos na nagpalaya sa mga taong sinapian ng demonyo at muling binigyan ng masayang buhay.











## 2 Nakapagtatag ang mga manonood ng GCN ng mga sangay na iglesya!

Hindi mabilang ang mga taong nakaranas ng pagbabago dahil sa mga sermon sa mga programa ni Dr. Lee. Gumaling din ang mga karamdaman nila dahil sa panalangin niya para sa mga maysakit na ipinapalabas sa GCN (Global Christian Network). Noong nakaraang taon, 2017, nagkaroon ng malaking bunga ang ministeryo ng pagbobrodkast ng GCN.

Pinakinggan ng mga tao sa buong mundo ang mga mensahe ni Dr. Lee at tumanggap sila ng paggaling dahil sa narinig mula sa mga programa sa tv at sa youtube, at marami pang ibang social network services. Nagsimulang magtipon sa kanilang mga bahay para sumamba ang mga manonood mula sa Moldova, France, Switzerland, at Taiwan, at hindi nagtagal, nagtayo sila ng mga sangay na iglesya nang dumami ang mga dumadalo.

Pinaghandaan ni Dr. Lee ang ministeryo ng pagbobrodkast. Batid niya na magiging epektibo itong paraan para ibahagi ang ebanghelyo ng kabanalan sa panahong malapit ng magwakas. Kaya sinimulan niya ang GCN at nakakaabot na ito ngayon ang 170 mga bansa.








# Espirituwal na Pag-ibig



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

"At ngayon ay nananatili
ang tatlong ito:
ang pananampalataya,
pag-asa, at pag-ibig,
ngunit ang pinakadakila
sa mga ito ay pag-ibig"
(1 Mga Taga-Corinto 13:13).

Pinagpalang mga mananampalataya kayo kung may pananampalataya kayo na gamitin ang bagong taon sa paghahandog ng mga pagsamba sa santuwaryo. Minamahal ng Diyos ang mga anak na tulad nito. Nais Niyang ibigay sa kanila ang malalaking pagpapala at patnubayan sila ng lubusan. Ang pinakadakilang handog sa lahat ay pag-ibig. Pag-aralan natin ngayon kung paano magbubunga ng espirituwal na pag-ibig tulad ng sinasabi sa 1 Mga Taga-Corinto kabanata 13.

## 1. Sa pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig, bakit pag-ibig ang pinakadakila?

Ang kayamanan ng mga kayamanan ay pananampalataya. Isinulat na kung wala ito, hindi malulugod ang Diyos sa inyo. Sa pamamagitan ng pananampalataya maliligtas kayo, magkakaroon ng walang hanggang buhay, at makakarating sa langit. Kapag may pag-asa kayo, sapilitan ninyong kukunin ang mas mabuting tirahan sa langit, at magsisikap kayong magpakabanal. Kaya dapat mayroon tayong pananampalataya at pag-asa hanggang makarating tayo sa kaharian ng langit.

Pero, bakit sinabi ng Diyos na pinakadakila sa tatlong ito ang pag-ibig? Ang dahilan nito ay maluluwalhati tayo at magiging mga tunay na anak ng Diyos sa walang hanggang langit kung mayroon tayong pag-ibig. Sinabi na maliligtas tayo kung nananampalataya tayo, at magkakaroon tayo ng mas mabuting tirahan sa langit kung may pag-asa tayo. Pero kung wala tayong pag-ibig, hindi tayo makapapasok sa Bagong Jerusalem. Ang lunsod ng Bagong Jerusalem na nakasulat sa Pahayag 21 ay bunga ng pag-ibig, ang mga katangian na sinisimbulo ng mga mamahaling bato ng pundasyon ng pader ng lunsod ay bumubuo ng isang katangian, ang perpektong pag-ibig. Ang layunin ng Diyos na mangalaga ng sangkatauhan ay para maibahagi Niya ang pag-ibig Niya sa tunay na mga anak Niya.

Habang nabubuhay tayo dito sa mundo, dapat mayroon tayong pananampalataya at pag-asa. Pero sa sandaling makapasok tayo sa langit dahil sa pananampalatayang nagligtas sa atin, hindi na natin ito kailangan. Hindi na rin natin kailangan ang pag-asa dahil nakamit na natin ang inaasahan natin. Ang nag-iisang kakailanganin natin sa langit ay pag-ibig. Kaya higit sa lahat, nais ng Diyos na mayroon tayong pag-ibig. Sa lahat ng kaloob na nakasulat sa 1 Mga Taga-Corinto 12, ang pinakadakilang kaloob ay pag-ibig (1 Mga Taga-Corinto 12:31). Kapag nakamit natin ang hindi nagbabagong espirituwal na pag-ibig, walang limitasyon ang tatanggapin natin ang mga kasagutan (Kawikaan 8:17).

Nais ng Diyos mabayaran ang mga paglilingkod na ginawa natin, at kung anong itinanim natin, nais Niyang ganito rin ang ating anihin. Kung taos-puso ang pagmamahal natin sa Diyos, babayaran Niya ito ng napakadakila at kamangha-manghang pagmamahal. Ibig sabihin, pagpapalain Niya ang mga kaluluwa natin para maging masagana ito, ibibigay Niya ang lahat ng bagay na makakabuti sa atin, at bibigyan Niya tayo ng mabuting kalusugan (3 Juan 1:12). Tutuparin ng Diyos kung anong sinabi Niya (Mga Bilang 23:19).

Sa buong kasaysayang ng Manmin, palalim nang palalim ang ipinapakitang pag-ibig ng Diyos at ng Panginoon. Natutuhan natin ang tungkol sa perpektong pag-ibig kung saan balanse ang pag-ibig at katarungan. Natutuhan natin kung paano mapupunuan ang mga kakulangan sa pag-ibig. Natutuhan din natin ang pitong antas ng kalaliman ng pag-ibig ng Diyos na siyang kaibuturan ng kalooban Niya. At dahil nakita natin ang sakripisyo ng pastol ayon sa kalooban ng Diyos, naranasan ng mga mananampalataya ang pag-ibig ng Diyos. Natanto nila na hindi sila tatalikuran ng Diyos, binibigyan sila ng mga pagkakataon hanggang sa huli. Ang mga mananampalatayang nakaranas ng katarungan ng Diyos ay nadama ang pag-ibig Niyang mula sa puso. Sinasabi nila na Siya ay mismong Pag-ibig.

Bukod dito, ang kapangyarihang lumalaki bawat araw sa iglesyang ito ay bunga rin ng pag-ibig. Kasama sa kapangyarihang ito ang pag-ibig ng Diyos na nagnanais na makapagligtas ng mga kaluluwang namamatay sa masamang henerasyong ito. Ang kapangyarihang ito ay nagmumula sa pag-ibig, nais ng Diyos na magtiwala ang mga tao sa Panginoon, maligtas, at magkaroon ng malaki at totoong pag-asa para sa buhay na walang hanggan sa langit, at hindi para sa pisikal na mundo na walang kabuluhan. Nangyari ang lahat ng ito sa pagpapakita ng espirituwal na mundo. Sinasabi na ang iglesya ng Manmin ay puno ng pag-ibig at nagbunga ng masaganang pag-ibig. Nagbunga din ang mga miyembro nito.

Pag-aralan natin kung anong dapat nating gawin para magkaroon ng perpektong bunga ng espirituwal na pag-ibig

## 2. Para magbunga ng espirituwal na pag-ibig

### 1) Pag-aralan nating mabuti ang espirituwal na pag-ibig

Para magbunga ng perpektong espirituwal na pag-ibig, pag-aralan muna natin ang Salita ng Diyos. Ibig sabihin, dapat may nalalaman tayo tungkol dito.

May ilang beses na akong nangaral tungkol sa espirituwal na pag-ibig. Ang pangunahing mensahe na ibinahagi ko tungkol dito ay ang serye ng "The Love Chapter" na nagpapaliwanag ng mga antas ng pag-ibig na nakasulat sa 1 Mga Taga-Corinto13. Halimbawa, sinasabi ng unang talata sa kabanata, "Kung ako'y magsalita ng mga wika ng mga tao, at ng mga anghel, subalit wala akong pag-ibig, ako'y nagiging isang maingay na pompiyang o batingaw na umaalingawngaw." Nakasulat na dapat nating maintidihan ang kahalagahan ng espirituwal na pag-ibig. Pag-aralan natin nang detalyado ang bawat isang katangian ng pag-ibig, kung paano ito sinulat, sinabing, "Ang pag-ibig ay matiisin at magandang-loob; ang pag-ibig ay hindi maiinggitin, o mapagmalaki, o hambog..."

Hindi sapat ang kakaunting nalalaman tungkol dito na parang mga salita lang. Intindihin nating mabuti ang mga mensahe nito, palakasin natin ang sarili natin sa pamamagitan ng mga ito. Hindi sapat ang pagbabasa at pag-aaral nito ng isang beses. Dapat ninyong panatilihin ang Salita sa buhay ninyo, at suriin ang sarili ayon sa pamantayan ng Salita. Kung espirituwal na kayo, palakasin pa rin ninyo ang sarili sa mga mensahe para mapunuan ang kakulangan natin sa pag-ibig.

Tutulungan tayo ng Diyos na matanto ang nilalaman ng puso natin, kung ano ang dapat sabihin, at gawin sa tulong ng Banal na Espiritu. Kikilos ang Banal na Espiritu para sa inyo para malaman ninyo ang kaibahan ng espirituwal na pag-ibig sa makalaman na pag-ibig, kaibahan ng pag-ibig na naghahanap ng ikabubuti ng ibang tao at pag-ibig na naghahanap ng sariling pakinabang.

### 2) Magsikap tayong isabuhay ang espirituwal na pag-ibig

Mababasa sa Juan 13:34, "Isang bagong utos ang sa inyo'y ibinibigay ko, na kayo'y magmahalan sa isa't isa. Kung paanong minahal Ko kayo, magmahalan din kayo sa isa't isa." At sa 1 Juan 3:18, sinasabi, "Mga munting anak, huwag tayong umibig sa salita ni sa dila, kundi sa gawa at sa katotohanan."

Hindi lang ninyo basta dapat matutuhan ang tungkol sa pag-ibig ng Diyos, dapat matuto kayong magmahal din ng ibang tao. Tulungan ninyo ang mga nangangailangan mula sa pinagtrabahuhan ninyo. Kahit hindi kayo pasalamatan o pahalagahan sa pagtulong ninyo, tumulong pa rin kayo nang may masaya at nagpapasalamat na puso. Kapag nagtatrabaho o nagboboluntaryo para sa isang gawain, magsakripisyo kayo para sa kaharian ng Diyos, hindi naghihintay ng kapalit, ng papuri mula sa ibang tao, o naghahangad na makilala o maging popular. At dapat din ninyong ipanalangin ang mga taong maliit o mahina ang pananampalataya hanggang sa lumago sila at magbago. Payuhan ninyo sila. Idalangin din ninyo ang mga taong nagpapahirap sa inyo ng walang galit o sama ng loob.

Dapat ninyong tanggapin kahit na anong pagkakamali ng ibang tao, malambot at mahinahon ang puso. Maging masaya kayo para sa ibang tao kung nakakaangat sila sa buhay, parang kayo na rin ang nakakaangat. Bigyan ninyo ng mabubuting bagay ang ibang tao, hindi mahalaga kung gaano kalaki ito at unahin ninyo ang kapakanan ng ibang tao. Iwasan ninyong magalit, huwag kayong manghusga at manghatol. Huwag mag-isip ng masama.

Dapat ninyong pasanin, pagtiwalaan, at asahan, ang lahat ng bagay kahit magkaroon pa kayo ng mga pagsubok. Kapag isasabuhay ninyo ang mga bagay na natutuhan ninyo tungkol sa espirituwal na pag-ibig, magkakaroon kayo ng espirituwal na pag-ibig (Filipos 4:9).

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, Umaasa ako na sa taong 2018, mapupuno kayo ng espirituwal na pag-ibig at tatanggapin ninyo ang mga kasagutan sa kahit na anong hihilingin ninyo. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na makibahagi nawa kayo sa pag-ibig ng Diyos at ng Panginoon bilang mga tunay na anak sa Bagong Jerusalem.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 08389
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

## 3 Maraming pagpapala ang tatanggapin ng mga tao dahil sa mga libro ni Dr. Lee!

Tinulungan ng mga libro ni Dr. Lee ang mga nagbabasa na matanto ang tunay na kahulugan ng pag-ibig. Dinadagdagan nito ang pagpapala ng Diyos sa kanila.

Noong Abril 2017, inilathala ang librong *Tears*. Nasa librong ito ang mga patotoo ng mga mananampalataya na nagbago dahil nalaman nila ang kahulugan ng pagluha ng Diyos, ng Panginoon, at ng pastol. Narito din ang pagmamahal. Anim na linggo na itong nasa pinakamataas na posisyon sa listahan ng pinakamabiling libro na tungkol sa pagiging Cristiano. Hinahaplos nito ang mga puso ng mga nagbabasa.

Noong Disyembre, naglathala ulit ng isa pang libro na karagdagan sa serye ng mga librong tungkol sa mga tauhan sa Biblia. Inilathala ang *I Will Send Elijah to You*, na kasunod ng *Abraham, the Friend of God; Jacob, Whom I Have Chosen, the Descendant of Abraham, the Friend of God; at Joseph, the Passage to God's Covenant.* Lahat ng ito ay mabili kumpara sa ibang librong tungkol sa pagiging Cristiano. Nagdala ang mga libro ng pagbabago ng espiritu at maraming pagpapala sa mga mananampalataya.






## 4 Pinainit ng bautismo sa apoy ng Banal na Espiritu ang mga puso ng mga dumalo sa espesyal na pulong panalanging Daniel!

Noong Pebrero 2017, ang bautismo sa apoy ng Banal na Espiritu ay bumuhos sa mga dumalo sa kauna-unahang espesyal na pulong panalanging Daniel para sa taong ito. Ginawa ito sa dalawang sesyon sa loob ng 42 araw. Lahat ng tao sa buong mundo na nakibahagi sa pamamagitan ng GCN at mga miyembro ng iglesya ay binigyan ng pagpapalang lubos na magsisi, makaranas ng paggaling mula sa mga sakit, at tumanggap ng biyayang pampinansyal. Natupad ang mga minimithi ng puso nila tulad ng promosyon sa trabaho, maiwaksi ang makasalanang likas, at mawasak ang mga sariling teorya at saloobin.

Noong Oktubre, idinaos ang pangalawang espesyal na pulong panalanging Daniel. Ang naging tema nito ay "The Fruit of the Shepherd's Power." Maalab silang nanalangin para sa kanilang pagbabago, umasa sila sa pagmamahal ng pastol at sa katarungang pinunuan niya para sa kanila. Pinabilis ng dalawang espesyal na pagpupulong ang daloy ng buong espiritu at binigyan sila nito ng pagkakataong makasabay sa daloy nito.

Ang Pulong Panalanging Daniel ay idinadaos tuwing gabi (Magdamag na Pagsamba tuwing Biyernes). Si Boknim Lee, Presidente ng Manmin Prayer Center, ang namumuno nito. Taun-taon, idinadaos ang magkasunod na dalawang sesyon ng espesyal na pulong panalanging Daniel.





## 5 Dahil sa panalangin ni Dr. Lee, humina at nalusaw ang napakalakas na bagyong Irma!

Noong Setyembre 2017, namataan sa Atlantic ang napakalakas na bagyong Irma, nagkagulo sa Estados Unidos dahil dito. Humiling ng panalangin kay Dr. Lee ang mga pastor para mapigilan ang inasahang matinding epekto nito. Pagkatapos manalangin ni Dr. Lee, nag-iba ng direksyon ang napakalakas na bagyo, mabilis na humina, at pagkatapos, tuluyang nalusaw. Nakaligtas sila sa matinding pagkawasak. Naibalita ang kamangha-manghang pagkilos ng Diyos sa *The Washington Post,* ang pangunahing diyaryo sa America. Ayon sa balita, nalusaw ang bagyo dahil sa panalangin ng Koreanong pastor na si Dr. Jaerock Lee.

Bago mangyari ito, marami na rin siyang mga bagyong idinalanging magbago ng direksyon at malusaw, tulad ng bagyong Matthew, Joaquin, Irene, at Gustav. Naprotektahan din ang mga tao dahil sa panalangin niya kapag mayroong malalakas na lindol at nasusunog na mga kagubatan. Umulan sa panahon ng tagtuyot, tumigil ang malakas na ulan nang magsimulang bumaha. Naranasan ng mga tao ang proteksyon mula sa Diyos sa mga kalamidad na hindi kayang pigilan ng tao.




## 6 Kontrolado ang temperatura sa lugar na pinagdausan ng Retreat sa Tag-init ng Manmin!

Mula ika-7 ng Agosto hanggang ika-10, ipinakita ng Diyos ang kapangyarihan Niyang baguhin ang temperatura sa lugar kung saan ginaganap ang retreat sa tag-init ng Manmin, sa taong ito, 2017, idinaos ito sa Deogyusan Resort, Muju.

Naglabas ng babala sa buong bansa na magkakaroon ng matinding init ng panahon. Pero nanatili sa 25-26 degrees celsius ang temperatura sa lugar kung saan idinadaos ang retreat. Nangyari ang sinabi ni Dr. Lee sa pagsamba noong Agosto 6. Sinabi niya na magiging kontrolado ang temperatura, ang hangin, ulan, at mga ulap. Ang antas ng temperatura ay magiging 25-26 degrees celsius.

Naranasan din ng mga miyembro ng Mongolia Manmin Church at Chiang Rai Manmin Church sa Thailand ang banayad na temperatura sa kanilang lugar habang sumasabay sa pagsamba sa pagbobrodkast ng GCN. Naranasan din ng mga miyembro ng Madurai Manmin Church sa India ang pagbabago ng temperatura, bumaba ito mula 32-26 sa unang araw ng retreat. Nang magsimula ang Pagsamba at Papuri sa Camp Fire sa ikatlong araw, naging 26 ito. Nakibahagi ang mga miyembro ng Kinshasa Manmin Church sa DR Congo, pinanood nila ang buong programang naka-record. Bumaba din ang temperatura mula 30-33 degrees celsius sa 25 degrees celsius habang nanonood sila! Isa pa itong patunay na ang temperatura ay nagiging pinakamabuti sa bawat okasyon at lugar na ginagamit ng iglesya.

▼ Hindi kasama ang Muju, Jeonbuk, kung saan ginawa ang retreat, sa mga lugar na may babala tungkol sa matinding init ng temperatura.





## 7 Umapaw ang pag-ibig ng Diyos sa 'Makalangit na Handaan'!

Noong Mayo 2017, inanyayahan ni Dr. Lee ang mga mananampalataya na nagsikap maging espirituwal at banal sa tahanan niya sa bundok panalanginan para sa isang 'Makalangit na Handaan'. Bawat taon, mgmula noong 2014, nilalagyan niya ng mga dekorasyon at pinapaganda ang bahay panalanginan, inaanyayahan niya ang mga taong nagsikap at nagtagumpay sa pagtulad nila sa Panginoon. Pinaghahandaan niya ang okasyong ito para maipadama sa kanila ang kagandahan at kasiyahan ng langit, aliwin at palakasin sila para mas maging tapat at magkaroon ng mas malaking pag-asa na makapasok sa Bagong Jerusalem.

Napakamakahulugan ng handaan noong nakaraang taon, 2017, dahil sa espesyal na presensya ng Diyos (Exodo 16:10, 33:11; Mga Bilang 1:8). Hindi lang ang mga imbitado ang naghandog ng pagsamba sa Diyos kundi pati ang mga miyembro sa loob at labas ng Korea. Dahil nadinig ng Diyos ang mga inaasam nila, sinagot at pinagaling Niya ang mga ito.







## 8 Ipinakita sa kumperensya para sa mga lider ang paraan kung paano magiging makapangyarihang manggagawa!

Noong buwan ng Hulyo 2017, idinaos ang kumperensya para sa mga lider na may temang 'Power' batay sa Juan 14:12. Mula pa sa 21 mga bansa ang mga dumalo dito. Nangaral si Dr. Lee tungkol sa kahulugan ng kapangyarihan, sa orihinal na kalooban ng Diyos tungkol sa kapangyarihan, at kung anong klaseng kapangyarihan ang makapagbabago ng puso ng mga tao.

Natutuhan ng mga dumalo na ang kapangyarihan ay may kabutihan at pag-ibig ng Diyos na nagnanais na mailigtas ang lahat ng tao sa lahat ng bansa. Bukod dito, nadama nila na kailangan ng kapangyarihan para mag-ani ng masaganang bunga sa pangangalaga ng sangkatauhan dito sa mundong puno ng kasalanan at malapit ng magwakas. Nagdesisyon silang maging mga manggagawa na makapangyarihan. Magmula noong taong 2011, taun-taong idinadaos ang Kumperensya para sa mga Lider para sa mga mananampalataya. Ang layunin nito ay tulungan silang makasabay sa daloy ng espiritu at buong espiritu.



## 9 Patuloy ang pagdating sa Manmin ng mga bisita mula sa ibang bansa para makita ang kapangyarihan!

Binisita ang iglesya ng mga kilalang panauhin mula sa iba't ibang larangan. Nabalitaan nila ang tungkol sa ministeryo ng Manmin, nais din nilang maranasan ng personal ang mga makapangyarihang kaganapan.

Noong Hulyo 2017, dumalo sa kumperensya para sa mga lider ang mga pastor at mga mananampalataya mula pa sa 21 mga bansa. At noong Agosto, mga 1,100 tao, at may mga kasamang obispo mula 37 mga bansa ang nakibahagi sa retreat sa tag-init ng Manmin.

Noong Oktubre, nakipagdiwang sa ika-35 anibersaryo ng iglesya ang mga panauhin mula sa ibang bansa tulad ng Estados Unidos, Germany, Israel, Latvia, at Argentina. Sa pagbisitang ito, naranasan nila ang kapangyarihan ng Diyos. Gumaling sila mula sa mga karamdaman, natupad ang mga minimithi ng kanilang puso, at naranasan ang espirituwal na kaharian.

## 10 Ipinakita sa entablado ng Komite ng Sining ang kagandahan ng Langit!

Nalulungkot si Dr. Lee para sa henerasyong ito dahil pati ang mga papuri para sa Diyos ay nagiging makamundo na. Kaya nagsikap siya na magkaroon ang iglesya ng mga papuri na makapagbibigay ng lugod sa Diyos. Para sagutin ang hinahangad ng puso ni Dr. Lee, nagbigay ang Diyos ng mga awitin noong taong 2009. Ginagamit na sa mga okasyon at pagtatanghal ng iglesya ang mga awiting ito mula sa Diyos, tinawag itong 'Manmin Praise'. Pinupuno ng mga awitin ang mga puso ng mga miyembro ng pag-ibig ng Diyos at pag-asa para sa langit. Sa pamamagitan ng Manmin Praise, naipapakita ng komite ng sining ang napakagagandang pagtatanghal sa buong mundo. Sinimulan nila ang kulturang Cristiano sa mundo.

Noong Abril 2017, ipinahayag ng mga nagtatanghal ang pag-iig at sakripisyo ng Panginoon sa pagtatanghal para sa Pasko ng Pagkabuhay. Ang titulo ay "The Tears of the Lord." Hinaplos ng pagtatanghal ang puso ng mga nanood, tumanggap ito ng maraming papuri at pagbati.

Noong buwan ng Oktubre, ipinakita sa pagtatanghal para sa ika-35 anibersaryo ng iglesya ang makalangit na handaan sa Bagong Jerusalem. Sumayaw ng waltz ang mga nagtanghal, nagpakita ng 'water sports' sa langit, at iba pang mga pagtatanghal na may kasamang pagpapalabas ng video.

Noong buwan ng Disyembre, ang pagtatanghal para sa pasko ay may temang 'vaudeville'. Isinalarawan ang buhay ng Panginoon, ang pag-ibig Niya na humantong sa pagpapako sa krus, at ang pitong-taong sakripisyo ng pastol na may titulong "The Lord's Birth." Nagbigay ng malaking pagpapala sa mga nanuod ang pagtatanghal.







## 11 Nagbigay ng mga pruweba ng pagpapagaling ng Diyos ang mga doktor ng WCDN!

Noong taong 2004, itinatag ang World Christian Doctors Network (WCDN). Ang layunin nito ay ibalita sa mga taong edukado at dalubhasa na totoong nagpapagaling ang Diyos. Taun-taon, nagpupulong ang mga doktor at mga propesyunal sa larangan ng medisina para magpakita ng mga pruweba ng pagpapagaling ng Diyos, may kalakip itong mga impormasyong medikal bilang ebidensya.

Noong Oktubre 2017, idinaos sa Russia ang ika-14 na pandaigdigang kumperensya. Dinaluhan ito ng may 400 doktor at mga propesyunal sa larangan ng medisina mula sa 13 mga bansa. Karamihan sa mga ipinakitang pagpapagaling ay nangyari dahil sa pananalangin ni Dr. Lee. Natutuhan din nila ang espirituwal na batas na ginagamit sa banal na pagpapagaling sa espesyal na pagtuturo tungkol sa, "The Cause of Diseases." Hango ito sa libro ni Dr. Lee na *God the Healer*. Nakatawag pansin din ang pagpapalabas ng video na, "Noah's Flood" na kinuha sa mga pagtuturo ni Dr. Lee tungkol sa Genesis. Ipinagmamalaki nilang lahat ang pagsali sa ministeryo WCDN.







## 12 Mas dakila at mas mabilis na pagpapagaling at mga pagsagot sa mga kahilingan, ipinakita ng panyong makapangyarihan!

Mababasa sa Ang Mga Gawa 19:11-12, "Gumawa ang Diyos ng mga di-pangkaraniwang himala sa pamamagitan ng mga kamay ni Pablo, kaya't ng ang mga panyo o mga tapis na napadikit sa kanyang katawan ay dinala sa mga maysakit, nawala sa kanila ang mga sakit, at lumabas sa kanila ang masasamang espiritu." Gaya nito, ipinapakita ang kapangyarihan ng Diyos sa pamamagitan ng panyong dinalanginan ni Dr. Lee. Noong taong 2017 lang, nagsagawa ng pagpupulong na may panyong nakapagpapagaling sa Israel, Estados Unidos, Germany, France, Moldova, Ukraine, Latvia, Kenya, Mongolia, Thailand, Pakistan, at Egypt.

Kapag nanalangin ang mga pastor o mga lider para sa mga maysakit gamit ang panyo na dinlanginan ni Dr. Lee, gumagaling ang mga tao mula sa maraming klaseng sakit tulad ng AIDS, at Parkinson's disease; bumalik ang malinaw na paningin at pandinig; may mga lumaya mula sa pagsapi ng demonyo, at ang iba naman ay natupad ang mga minimithi ng kanilang puso. Pinalawak ng mga maalab na pagpapakita ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu ang kaharian ng Diyos. Sa taong 2017, ang kapangyarihang ito ay mas dakila at mas mabilis ipinakita.










### Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
168 West Riverside St., Brgy. San Antonio, San Francisco Del Monte, Quezon City, Metro Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
0977-329-4789

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
0977-329-4789

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714